



Ligtas na ipagdiwang ang Araw ng Canada na ito!

BRAMPTON, ON (Hunyo 24, 2022) – Pinapaalalanan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente sa kahalagahan ng pagiging ligtas habang gumagamit ng fireworks sa Araw ng Canada sa Hulyo 1.

Ang Araw ng Canada ay isa sa apat na araw bawat taon kung kailan pinapayagan ang short-range fireworks sa pribadong ari-arian sa Brampton, nang hindi na nangangailangan ng permit. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang fireworks sa Victoria Day, Diwali, at sa Bisperas ng Bagong Taon.

Ang mga short-range fireworks ay ang mga fireworks na hindi aabot sa tatlong metro (10 piye) kapag pinaputok (hal. fountains, wheels, ground spinners, sparklers). Iyan ay tinatayang kasintaas ng isang bus ng Brampton transit o ng isang basketball hoop.

Hindi pinapayagan sa Brampton ang lahat ng iba pang rocket-style fireworks. Pinaalalanan ng Lungsod ang mga residente na hindi pinapayagan ang fireworks sa kalye, mga bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod, o sa iba pang mga ari-arian ng munisipyo o paaralan, at na pinapayagan lamang ang mga ito na i-set off hanggang 11 pm.

Kapag gumagamit ng short-range fireworks sa pribadong ari-arian, kailangang sundin ng mga residente ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Maghanda ng container ng tubig o isang hose line na puno ng tubig para apulain ang fireworks.
- Huwag na huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa inyong kamay, maliban ang isang sparkler.
- Huwag na huwag itapon o i-asinta ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang sparklers, ilagay ang mga ito sa isang container ng tubig para ganap na lumamig bago itapon.
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng fireworks bago itapon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan at mga ordinansa sa firework, bisitahin ang www.brampton.ca/fireworks.

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca